


scelerum, sit fortitudo fragilium, sit contra omnia mundi pericula firmamentum: sit vivorum atque mortuorum fidelium remissio omnium delictorum. Per Dominum.

bilang isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagliligtas. Mahugasan nito ang aming diwa sa aming pagkakasala. Maging sandigan ito sa aming kahinaan. Maging pananggol sa mga sakuna. Para sa mga nabubuhay at nangamatay na kapatid sa pananampalataya, nawa'y makatulong ito upang matamo nila ang kapatawaran ng lahat ng kanilang kasalanan. Alang-alang sa Anak Mo...



IKATLONG LINGGO NG KWARESMA

Harmandad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2021

Kilusan ng Misang Latin sa Lalawigan ng Cavite

Comision Para sa Pagsasalin
DRC, JC, LAdC, JA, MPD

Misa "Oculi ei"

• I cl. • Semidoble • Lila

Maikasing Pagninilay

ANG ATING PANGINOONG HESUS ay ang uliran ng lahat ng kabanalan, lalo na ng kalinisang-puri. Sa Linggong ito, ipinahahayag sa atin kung pa'nong pinalayas ni Hesus ang isang inaalihan ng demonyo sa katawan ng isang taong bingi at pipi. Sa sulat ni San Pablo sa mga taga-Efesto, sinasabi sa atin na umiwas tayo sa mga kahalayan dahil hindi ito ang ating tawag bilang mga Kristyano. Nagbabala rin siya na ang mga mahahalay ay hindi magmamana ng kaharian ng Langit. Sa ating pag-aayuno at pagtitika ngayong Kwaresma, idagdag natin ang pag-iwas sa kahalayan sa isip, wika, at gawa.

Sa liturhiya rin ng Linggong ito, ipinahihiwatig na rin sa atin ang hiwaga ng binyag.

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 24:15-16

OCULI ei semper ad Dóminum, quia ipse évéllet de láqueo pedes meos: réspice in me, et miserére mei, quóniam únicus et pauper sum ego. — *Ps 24:1-2* Ad te, Dómine, levávi ánimam meam: Deus meus, in te confído, non erubéscam. *V.* Gloria Patri. Oculi ei.

- *Hindi aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

QUAESUMUS, omnípotens Deus, vota humílium réspice: atque, ad defénsiónem nostram, déxteram tuæ maiestátis exténde. Per Dominum.

Ad poscenda suffragium Sanctorum:

A cunctis nos, quæsumus, Dómine, mentis et córporis defénde perículis: et, intercedénte beáta et gloriósa semper Vírgine Dei Genetríce María, cum beáto Joseph, beátis Apóstolis tuis Petro et Paulo, beáto **N.**, (atque beato patre nostro Benedicto), et ómnibus Sanctis, salutem nobis tríbue benígnus et pacem; ut, destrúctis adversitátibus et erróribus univérsis, Ecclésia tua secúra tibi sérviat libertáte. Per eúndem Dóminum.

ANG AKING MGA MATA'Y palaging nasa Panginoon, sapagka't kakalagan Niya ang aking mga paa. Tunghayan Mo't lingapin, ako'y kaawan, sapagka't ako'y nag-iisa at nasasadlak sa dusa. — *Salmo 24:1-2* Sa Iyo ko itinataas ang aking kaluluwa, Panginoon; huwag sana akong mapahiya. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ang aking mga mata'y...

HINIHING NAMIN, makapangyarihang Diyos, lingapin Mo sana ang aming aming mga pakumbabang panata. Iabot Mo nawa ang iyong kanang kamay ng kadakilaan upang ipagtanggol kami. Alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristong Panginoon namin...

Para Hingin ang Tulong ng mga Banal:

Ipagtanggol mo kami mula sa lahat ng mga panganib sa aming katawan ang pag-iisip, Panginoon, hinihiling namin: at sa pamamagitan ng banal at maluwalhating Birheng Maria, Ina ng Diyos, kasama ni San José, ng iyong mga kabanal-banalang mga apostol na si Pedro at Pablo at ni San(ta) **N.**, (kaisa rin ng ating mahal na amang San Benito) at lahat ng mga santo, puspusin mo nawa kami ng kaligtasan at kapayapaan sa pamamagitan ng iyong kabutihan, nang sa ganoon ay sa pagkawasak ng kahirapan at kamalian, nawa ay mapagsilbihan kayo sa kapayapaan ng Santa Iglesiang hirang. Sa pamamagitan pa rin...

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 84:4-5

PASSER invénit sibi domum, et turtur nidum, ubi repónat pullos suos: altária tua, Dómine virtútum, Rex meus, et Deus meus: beáti, qui hábitant in domo tua, in sáculum sáculi laudábunt te.

PAUNLAKAN an ay nakatagpo ng tirahan; ang batu-bato'y pugad na paglalagyan ng mga inakay. Sa iyong dambana, Panginoong makapangyarihan, aking Hari at Diyos. Mapalad ang mga nananahan sa Iyong bahay, walang tigil ang kanilang papuri sa Iyo.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

A cunctis nos, quæsumus, Dómine, reátibus et perículis propitiátus absólve: quos tanti mystérii tríbuis esse partícipes. Per Dominum.

PANGINOON, iligtas mo nawa kami sa lahat ng kasalanan at panganib. Kaming pinagsalo Mo sa banal na piging ay matantong kasama ka namin sa dakilang mysteryong ito. Alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristong Panginoon namin...

Ad poscenda suffragium Sanctorum:

Mundet et múniat nos, quæsumus, Dómine, divíni sacraménti munus oblátum: et, intercedénte beáta Vírgine Dei Genetríce María, cum beáto Joseph, beátis Apóstolis tuis Petro et Paulo, beáto **N.**, (atque beato patre nostro Benedicto), et ómnibus Sanctis, a cunctis nos reddat et perversitátibus expiátos, et adversitátibus expeditos. Per eúndem Dóminum.

Para Hingin ang Tulong ng mga Banal:

Nawa'y pagtibayan at malinisan nawa kami, aming iniluluhog sa iyo, Panginoon, sa pamamagitan ng mabathalang sakramento na inihandog namin: at, sa pamamagitan ng banal at maluwalhating Birheng Maria, Ina ng Diyos, kasama ni San José, ng iyong mga kabanal-banalang mga apostol na si Pedro at Pablo at ni San(ta) **N.**, (kaisa rin ng ating mahal na amang San Benito) at lahat ng mga santo, linisin mo nawa kami sa lahat ng aming maling gawain, at iligtas sa lahat ng kapahamakan. Sa pamamagitan pa rin...

Pro Vivis et Mortuis:

Purificent nos, quaesumus, omnipotens et misericors Deus, sacramenta quae sumpsimus: et, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, praesta; ut hoc tuum sacramentum non sit nobis reatus ad pœnam, sed intercessio salutaris ad veniam: sit ablutio

Para sa mga Buhay at Namatay na:

Makapangyarihan at mahabaging Diyos, hayaan mong nawa sa tinanggap naming banal na misterio ay malinis ang aming kalooban. Sa pagdalangin ng iyong mga santo, ang sakramento na ito ay hindi nawa maging sanhi ng aming pagkakasala at pagpaparusa, ngunit

Pro Vivis et Mortuis:

Deus, ui soli cognitus est numerus electorum in superna felicitate locandus: tribue, quaesumus; ut, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, universorum, quos in oratione commendatos suscepimus, et omnium fidelium nomina, beatre praedestinationis liber adscripta retineat. Per Dominum.

PREPASYO NG KWARESMA

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutäre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens, ætérne Deus.

Qui corporáli ieiúnio vítia cómprimis, mentem élevas, virtútem largírís et prámia: per Christum Dóminum nostrum.

Per quem maiestátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes.

Cæli cælorúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exsultatióne concélebrant.

Cum quibus et nostras voces ut admítta iúbeas, deprecámur, súplici confessiόne dicéntes:
— **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

Para sa mga Buhay at Namatay na:

O Diyos, ikaw lamang nakakaalam ng bilang ng mga nahalal na makamtan ang kaligayahan sa langit. Igawad mo nawa, aming isinusumamo sa iyo, sa pagdalangin ng Iyong mga santo, nawa'y lahat ng mga pangalan na aming inihabilin sa aming panalangin at sa panalangin ng sambayanang sumasampalataya ay marapat na mapabilang sa aklat ng mga pinagpala. Alang-alang sa Anak Mo...

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan:

Sapagkat sa pagpapakasakit ng katawan, sinusugpo mo ang aming masasamang hilig at itinataas ang aming isipan; binibigyan kami ng lakas at ginagantimpalaan, alang-alang kay Kristong aming Panginoon.

Kaya sa pamamagitan niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan.

Nagbubunyi rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo.

Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian:
— **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

Pro Vivis et Mortuis:

Omnipotens sempiternus Deus, qui vivorum dominaris simul et mortuorum, omniumque misereris, quos tuos fide et opere futuros esse prænoscis: te supplices exoramus; ut, pro quibus effundere preces decrevimus, quosque vel præsens saeculum adhuc in carne retinet, vel futurum iam exutos corpore suscipit, intercedentibus omnibus Sanctis tuis, pietatis tuae dementia omnium delictorum suorum veniam consequantur. Per Dominum.

Para sa mga Buhay at Namatay na:

Makapangyarihan at walang-hanggan Diyos, ikaw ang naghahari sa nangamatay at sa mga nabubuhay, at maawain sa lahat na nakakaalam na sila ay sa Iyo dahil sa pananampalataya at mabuting gawain. Pakumbaba naming isinasamo namin sa iyo, para sa kanila na ang aming mga panalangin ay ibinuho, kung sila man ay nanatili pa sa kanilang katawang-lupa o kaya'y tinanggap na sa kabilang buhay ang kanilang kaluluwa, nawa'y sa iyong pag-ibig at kabutihán, at sa panalangin ng mga Santo, makamit nawa nila ang kapatawaran ng lahat ng kanilang mga kasalanan. Alang-alang sa Anak Mo...

SULAT • Ef 5:1-9

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso.

MGA KAPATID: Tularan ninyo ang Diyos; mamuhay kayo nang may pagmamahal tulad ni Cristo; dahil sa kanyang pagmamahal sa atin, inialay niya ang kanyang buhay bilang mabangong alay at handog sa Diyos. Kayo'y mga hinirang ng Diyos, kaya't hindi dapat mabanggit man lamang na kayo'y nakikiapid o gumagawa ng anumang uri ng kahalayan o pag-iimbot. Huwag din kayong gagamit ng anumang malaswa o walang kabuluhang pananalita at pagbibirong di nararapat. Sa halip, magpasalamat kayo sa Diyos. Alam ninyong walang bahagi sa kaharian ni Cristo at ng Diyos ang taong nakikiapid, mahalay, o sakim. Ang kasakiman ay isang uri ng pagsamba sa diyus-diyosan. Huwag kayong padaya kaninuman sa pamamagitan ng mga pangangatuwirang walang kabuluhan, sapagkat dahil nga sa mga ito, ang Diyos ay napopoot sa mga suwail. Kaya't huwag kayong makisama sa kanila. Dati, kayo'y nasa kadiliman, ngunit ngayo'y nasa kaliwanagan na, sapagkat kayo'y nasa Panginoon. Mamuhay kayo ngayon nang nararapat sa mga taong nasa liwanag. Sapagkat pawang mabuti, matuwid at totoo ang ginagawa ng namumuhay sa liwanag. — **R.** Salamat sa Diyos.

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 9:20, 4

EXURGE, Dómine, non prævaleat homo: iudicéntur gentes in conspéctu tuo.

V. In converténdo inimícum meum retrórsum, infirmabúntur, et perfúnt a facie tua.

BUMANGON ka, Panginoon, huwag sanang manaig ang tao. Mahatulan nawa ang mga bansa sa Iyong harapan.

V. Pagtalikod ng aking mga kaaway, manghihina't malilipol sila sa iyong harapan.

TRACTO • Ps 12: 2, 1-3

AD te levávi óculos meos, qui hábitas in cœlis.

V. Ecce, sicut óculi servórum in má nibus dominórum suórum.

V. Et sicut óculi ancíllæ in má nibus dómínæ suæ: ita óculi nostri ad Dóminum, Deum nostrum, donec misereátur nostri,

V. Miserére nobis, Dómine, miserére nobis.

SA'YO ko'y itinataas ang aking mga mata, ikaw na nasa langit.

V. Gaya ng pagtingin ng mga mata ng alipin sa kanilang panginoon,

V. At kung paanong mga mata ng aliping babai'y nakatitig sa kanilang panginoong babae, tumitingin din ang aming mga mata sa Panginoon naming Diyos hanggang sa kaawaan kami.

V. Maawa ka sa amin, Panginoon, maawa ka.

EBANGHELYO • Lc 11:14-28

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHONG IYON: Pinalayas ni Jesus ang isang demonyo mula sa isang lalaking pipi. Nang nakapagsalita ito, ang mga tao ay humanga kay Jesus. Subalit sinabi naman ng ilan sa mga naroon, “Nakapagpapalayas siya ng mga demonyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Beelzebul, ang pinuno ng mga demonyo.” * May mga nagnanais na siya'y subukin kaya't patuloy na humihiling na magpakita siya ng isang himala mula sa langit. Subalit alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya't sinabi niya, “Ang bawat kahariang naglalaban-laban ang mga mamamayan ay babagsak, at alinmang sambahayang sila-sila ang naglalaban ay mawawasak. Kung kinakalaban ni Satanas ang kanyang sarili, paano mananatili ang kanyang kaharian? Sinasabi ninyong nagpapalayas ako ng mga demonyo sa kapangyarihan ni Beelzebul. Kung ako'y nagpapalayas ng mga demonyo sa kapangyarihan ni Beelzebul, sa kaninong kapangyarihan naman nagpapalayas ng demonyo ang inyong mga tagasunod? Sila na rin ang magpapatunay na mali kayo. Nagpapalayas ako ng mga demonyo sa kapangyarihan ng Diyos, at ito'y nangangahulugang dumating na sa inyo ang kaharian ng Diyos.” * “Kapag ang isang taong malakas ay nagbabantay sa kanyang bahay na dala ang kanyang mga sandata,

ligtas ang kanyang mga ari-arian. Ngunit kung salakayin siya ng isang taong higit na malakas kaysa kanya, sasamsamin nito ang mga sandatang kanyang inaasahan at ipamamahagi nito ang mga inagaw na ari-arian. * “Ang hindi ko kakampi ay kalaban ko, at ang hindi ko kasamang nag-iipon ay nagkakalat. Kapag lumabas sa tao ang isang masamang espiritu, nagpapagala-gala ito sa mga tigang na lugar at naghahanap ng mapagpapahingahan. Kapag wala siyang makita, sasabihin niya sa sarili, ‘Babalik ako sa bahay na aking pinanggalingan.’ Sa pagbabalik niya ay madadatnan niyang malinis at maayos ang bahay. Kaya't lalabas siyang muli at magsasama ng pito pang espíritung mas masasama kaysa kanya. Papasok sila at maninirahan doon, kaya't mas masama pa kaysa dati ang kalagayan ng taong iyon.” Habang nagsasalita si Jesus, may isang babaing sumigaw mula sa karamihan, “Pinagpala ang babaing nagbuntis at nag-alaga sa iyo.” * Ngunit sumagot siya, “Higit na pinagpala ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito!”

— R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.

• *May Credo o Sumasampalataya*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 18:9-12

JUSTITIAE Dómini rectæ, lætificántes corda, et iudícia eius dulci ora super mel et favum: nam et servus tuus custódit ea.

ANG mga utos ng Panginoon'y matuwid, nagpapagalak sa puso. Ang mga hatol Niya'y matamis pa kaysa pulot at sa pulut-pukyutan. Ang alipin Mo'y sumusunod sa kanila.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

HAEC hóstia, Dómine, quæsumus, emúndet nostra delícta: et, ad sacrificium celebrándum, subditórum tibi córpora mentésque sanctíficet. Per Dóminum.

PANGINOON, ang mga alay na ito'y makapagpalinis nawa sa aming mga sala, at pabanalín ang aming katawan at kaluluwa upang makapag-alay kaming marapat ng paghahaing ito. Alang-alang kay Hesukristong Panginoon namin...

Ad poscenda suffragium Sanctorum:

Exáudi nos, Deus, salutáris noster: ut, per hujus sacraménti virtútem, a cunctis nos mentis et córporis hóstibus tueáris; grátiam tríbuens in præsentí, et glóriam in futúro. Per Dominum.

Para Hingin ang Tulong ng mga Banal:

Pakinggan mo kami, Diyos na aming manliligtas: at sa iyong nakakagaling na sakramento, ipagtanggol Mo kami sa kaaway ng katawan at isipan. Pagkalooban Mo nawa kami ng grasya ngayon, at kaluwalhatian sa panghinaharap. Sa pamamagitan...